# 4 na mga Programa na Makakatulong sa Iyo na Bayaran ang Iyong mga Medikal na Gastos

This is an Official U.S. Government Product

May mga Federal at estadong programa para sa mga taong may Medicare na ang kita at resources ay mas mababâ sa mga takdang limit. Ang mga programang ito ay maaaring makatulong sa iyo na makatipid sa iyong mga gastos sa health care at de-resetang gamot. Ang fact sheet na ito ay may impormasyon tungkol sa mga sumusunod na programa:

- Medicaid
- Medicare Savings Programs
- Supplemental Security Income (SSI) Benefits
- Extra Help

## Medicaid

Ang Medicaid (tinatawag ding Medical Assistance) ay isang pinagsamang Federal at estadong programa na tumutulong sa pagbayad ng mga medikal na gastos para sa mga tao at mga pamilya na limitado ang kita at kaunti lamang ang resources. Babayaran ng Medicaid ang mga kalahok na doktor, mga parmasyotiko, mga ospital, o ibang mga provider para sa iyong pangangalaga.

Pagpapasiyahan ng bawat estado kung ano ang ituturing na kita at resources, kung sino ang kwalipikado, anong mga serbisyo ang sakop, at ang gastos para sa mga serbisyo. Maaari ring pagpasiyahan ng mga estado kung paano palalakarin ang kanilang mga programa basta sinusunod nila ang mga Federal na pamantayan.

## Medicare Savings Programs

Ang mga estado ay may mga programa na nagbabayad ng Medicare premiums at, sa ilang mga kaso, maaari ring magbayad sa Medicare Part A (Hospital Insurance) at Medicare Part B (Medical Insurance) deductibles at coinsurance. Ang mga programang ito ay tumutulong sa mga taong may Medicare na magtipid bawat taon:

- Qualified Medicare Beneficiary (QMB)—Tumutulong na bayaran ang iyong Medicare Part A at Part B premiums, at ibang cost-sharing (tulad ng deductibles, coinsurance, at copayments) kung ang iyong kita at resources ay nasa o mas mababâ sa isang takdang level.
- Specified Low-Income Medicare Beneficiary (SLMB) and Qualifying Individual (QI)—Tumutulong na bayaran ang iyong Part B premiums kung ang iyong kita at resources ay nasa isang takdang level.
- Qualified Disabled & Working Individuals (QDWI)—Tumutulong na bayaran ang iyong Medicare Part A premiums kung ang iyong kita at resources ay nasa isang takdang level.

## Supplemental Security Income (SSI) Benefits

Ang SSI ay isang buwanang halaga na binabayaran ng Social Security sa mga taong limitado ang kita at resources at na may kapansanan, bulag, o 65 taong gulang o mas matandâ. Ang SSI benefits ay nagbibigay ng cash upang mabayaran ang mga pinaka-kinakailangan para sa pagkain, kasuotan, at shelter. Ang SSI benefits ay hindi pareho ng Social Security benefits.

## Extra Help

Kung kaunti lamang ang iyong kinikita at resources, maaaring kwalipikado ka para sa Extra Help sa pagbayad ng iyong mga gastos sa plano para sa gamot ng Medicare. Ang halaga ng Extra Help na matatanggap mo ay mababatay sa iyong kinikita at resources.

Kung kwalipikado ka para sa Medicaid, isa sa Medicare Savings Programs, o SSI, awtomatiko kang kwalipikado para sa Extra Help sa pagbayad ng mga gastos ng coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot. Ang level ng kinikita at resources ay maaaring magbago bawat taon. Masisigurado mo lamang na kwalipikado ka kapag nag-apply ka sa iyong State Medical Assistance (Medicaid) office.

## Para sa Karagdagang Impormasyon

- Tawagan o bisitahin ang iyong State Medical Assistance (Medicaid) na opisina at humingi ng impormasyon tungkol sa Medicaid at Medicare Savings Programs. Ang mga pangalan ng mga programang ito at kung paano sila gumagana ay nag-iiba-iba depende sa estado. Tumawag kung sa palagay mo'y kwalipikado ka para sa alinman sa mga programang ito, kahit na hindi ka sigurado. Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) upang makuha ang telepono para sa opisina ng Medicaid. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

- Tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 para sa impormasyon tungkol sa SSI o para mag-apply para sa Extra Help. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-325-0778.

CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Produkto Blg. 11445-T (Tagalog)
Binago ng Nobyembre 2011